



## Hawaii State Department of Health

### Disease Investigation Branch

Oahu 586-4586, Maui 984-8213, Hilo 933-0912,

Kona 322-4877, Kauai 241-3563

## Methicillin Resistant *Staphylococcus aureus* (MRSA)

### Ano ang MRSA?

Ang *staphylococcus aureus* (madalas na tinatawag na “Staph”) ay bakterya na karaniwang matatagpuan sa balat o sa ilong at sa daanan ng hininga ng mga malulusog na tao, at hindi nagiging sanhi ng anumang problema sa maraming panahon.

Gayunman, minsan ang Staph ay maaaring maging sanhi ng mga seryosong impeksyon tulad ng mga impeksyon sa balat at sa sugat, pulmonya, o mga impeksyon sa dugo. Sa mga ganitong kaso, ang mga tao ay binibigyan ng mga antibiotic upang patayin ang bakteryang Staph. Ang MRSA ay partikular na uri ng Staph na hindi tinatablan ng ilan sa mga antibiotic na malimit gamitin upang gamutin ang mga impeksyon na Staph.

### Paano ka nagkakaroon nito?

Sinuman ay maaaring magkaroon ng MRSA sa kanilang katawan mula sa kontak sa ibang tao o mga bagay na mayroon nang dalang bakterya. Kabilang sa may pinakamakataas na panganib na magkaroon nito ay ang mga atleta, mga mag-aaral sa day-care, mga tauhan ng militar sa mga barracks, at sila na katatapos lamang tumanggap ng pangangalagang medikal sa loob ng ospital. Sa komunidad, maaaring kumalat ang MRSA sa pamamagitan ng pakikigamit ng mga tuwalya, kumot, pang-ahit, at iba pang mga personal na bagay. Sa lugar ng pangangalaga ng kalusugan, karaniwang naikakalat ang MRSA sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tauhan na nangangalaga ng kalusugan. Dagdag pa rito, ang mga tao ay maaaring maimpeksyon ng bakterya mula sa kanilang sariling balat o ilong.

### Anu-ano ang mga sintomas ng MRSA?

Ang Staph na bakterya, kabilang ang MRSA, ay maaaring magdulot ng mga impeksyon sa balat na maaaring mukhang tighiyawat, bulutong, o kagat ng gagamba at maaaring mapula, namamaga, masakit, o may nana o iba pang tulo. Maaaring kabilang sa mga

mas seryosong impeksyon ang pulmonya (impeksyon sa baga), meninghitis (impeksyon ng lining sa paligid ng utak at gulugod), mga impeksyon sa daanan ng dugo, o mga impeksyon sa sugat ng operasyon.

### Kailan nagsisimula ang impeksyon?

May ilang tao ang magkakaroon ng MRSA at hindi maiimpeksyon. Para doon sa naiimpeksyon, ang pagkakaroon ng sintomas ay nagbabagu-bago sa bilang ng araw hanggang taon pagkatapos na malantad.

### Ano ang paggamot sa MRSA?

Karamihan sa mga impeksyon dahil sa Staph ay ginagamot sa pamamagitan ng pag-iiga sa mga nana ng sugat. Maaaring kailanganin ang mga antibiotic at ireseta ng doktor. Ang mga impeksyon na MRSA ay ginagamot sa katulad na paraan; bagama't hindi tatalab ang mga karaniwang antibiotic ay mayroon palaging mga pagpipiliang antibiotic.

### Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon nito?

Sa komunidad:

- Pamalagiing malinis ang mga kamay at katawan. Hugasan nang madalas ang mga kamay, at regular na linisin ang inyong katawan, lalo na pagkatapos ng ehersisyo.
- Panatiliing malinis at natatakpan ang mga sugat, hiwa, at gasgas hanggang sa gumaling ang mga ito.
- Iwasan ang pakikigamit sa mga personal na bagay tulad ng mga tuwalya at mga pang-ahit.

Sa lugar ng pangangalaga ng kalusugan:

- Tiyakin na ang lahat ng mga naglalaan ng pangangalagang pangkalusugan ay naghuhugas ng kanilang kamay gamit ang

sabon at tubig o santizer ng kamay na may alkohol bago at pagkatapos kayong hawakan. Kung hindi ninyo nakikitang naghuhugas ng kamay ang inyong mga tagapaglaan, sabihin sa kanilang gawin ito.

Pag-uwi sa tahanan:

- Kung mayroon kayong mga sugat o bagay na nakasuksok sa laman (tulad ng kateter o portal ng diyalisis na nakatusok sa daanan ng dugo) tiyakin na alam ninyo kung paano pamamahalaan ang mga iyon.
- Itanong kung ang inyong pansamantalang medikal na kagamitan (ibig sabihin, ang kateter) ay maaaring tanggalin.
- Kung makita ninyong nagsisimula nang magmukhang may impeksyon ang lugar (namumula, namamaga, mainit-init, tumutulo), kaagad tumawag sa inyong doktor, lalo na kung nilalagnat kayo.

Para sa mas marami pang impormasyon tingnan ang website ng CDC sa <https://www.cdc.gov/mrsa/>